Fact sheet 3 – Hindi boluntaryong paggamot

Ang *Batas sa Kalusugang Pangkaisipan 2000 [Mental Health Act 2000] (*ang Batas*)* ang nagsasagawa ng probisyon para sa isang tao na magamot nang walang pahintulot sa ilalim ng isang *order sa hindi boluntaryong paggamo*t. Ang *order sa hindi boluntaryong paggamot [involuntary treatment order]* at dapat na pangunahan ng hindi boluntaryong pag-assess. Ang impormasyon tungkol sa hindi boluntaryong pag-aassess ay ibinigay sa Fact sheet 2.

Paano pinapahintulutan sa ilalim ng Batas ang hindi boluntaryong paggamot?

Ang isang ay nagpapahintulot ng hindi boluntaryong paggamot para sa kapansanan sa pag-iisip. Ang isang ay maaaring maisagawa kung ang isang pinahintulutang duktor ay nakumbinsi na ang **lahat** ng pamantayan para sa hindi boluntaryong paggamot ay nalalapat

Ano ang mga pamantayan sa paggamot?

Ang pamatayan sa pagggamot para sa isang tao ay naglalaman ng mga sumusunod:

- Ang isang tao ay kapansanan sa pag-iisip
- ang karamdaman ng tao ay nangangailangan ng agarang paggamot
- ang ipinanukalang paggamot ay puwedeng makuha sa isang pinahihintulutang mental health service
- dahil sa karamdaman ng tao—
  - Mayroong napipintong peligro na ang tao ay maaaring magsanhi ng pananakit sa kanyang sarili o sa ibang tao, o
  - Ang tao ay maaaring makaranas ng matinding paglubha sa kaisipan o pangangatawan
- walang mas nakalululwag na paraan ng pagtiyak na ang tao ay nakatatanggap ng naangkop na lunas para sa karamdaman, at
- ang tao—
  - ay nagkukulang sa kakayahan upang mapahintulutan na magamot para sa karamdaman, o
  - hindi makatuwirang tumanggi sa pinanukalang paggamot para sa karamdaman.

Kailangan bang pahintulutan ng isang psychiatrist ang hindi boluntaryong paggamot?

Sa lahat ng pagkakataon, ang hindi boluntaryong paggamot ay dapat na pinahintulutan o kinumpirma ng isang psychiatrist. Kung ang *order sa hindi boluntaryong pagpapagamot* ay nauna nang naisagawa ng isang pinahintulutang duktor na hindi isang psychiatrist, ang order ay dapat na makumpirma ng isang pinahintulutang psychiatrist sa loob ng 72 oras.

Maaari bang masuri ang isang tao sa pamamagitan ng videoconference?

Kinikilala ng Batas ang kahalagahan ng mga pasilidad na pang video-conference sa pagbibigay ng mas malawak na pag-access sa mga specialist mental health services para sa mga tao sa rural o mga malalayong lugar. Ang isang mahalagang proteksyon ay ang hindi na mas bababa pa sa isang pag-susuri ang dapat na isagawa ng harapan kapag ang isang *order sa hindi boluntaryong paggamot* ay nagawa.

Saan makakatanggap ng paggamot ang tao?

Sa pagsasagawa ng isang *order sa hindi boluntaryong pagpapagamot*, dapat tukuyin ng isang pinahihintulutang duktor ang kategorya ng order. Ang kategorya ay maaaring maging 'inpatient' o 'community'. Ang pagpapasyang ito ay batay sa kung tao ay nangangailangan na maratay sa hospital na pagpapagamot, o maaaring maging mabisang magamot habang namumuhay sa komunidad.

Kung ang pasyente ay ginagamot bilang isang inpatient, ay maaaring pahintulutan ng pinahintulutang duktor ang limitadong paggamot sa pamayanan [limited community treatment]. Binibigyang daan ng limited community treatment ang isang inpatient na makatanggap maiksing panahon ng pagliban sa komunidad. Binibigyang daan nito ang isang proseso ng pagbabago na nauna sa paglabas mula sa hospital.

Ano ang epekto ng isang order sa hindi boluntaryong paggamot?

Sa ilalim ng , ang isang tao ay maaaring magamot para sa kapansanan sa pag-iisip nang walang pahintulot.

Gayunpaman, bilang proteksyon, ang isang inpatient o pasilidad pang-komunidad ng isang pinahihintulutang mental health service ay ang natatanging lugar kung saan ang pagpilit ay maaaring magamit upang maibigay ang hindi boluntaryong paggamot.

Anong paggamot ang ibinibigay sa ilalim ng isang order sa hindi boluntaryong paggamot?

Ang *order sa hindi boluntaryong pagpapagamo*t ay dapat samahan ng isang *plan sa pagpapagamot [treatment plan]* na binabalangkas ang:

- ipinanukalang paggamot
- dalas ng paggamot
- pamamaraan at lugar ng paggamot
- rehabilitasyon at iba pang mga serbisyong ibibigay
- ang mga agwat para sa regular na pag-assess ng isang psychiatrist.

Ang *plan sa paggamot*, at anumang mga pagbabago na ginawa sa plan, ay dapat na matalakay sa pasyente hangga`t sa kinakailangan.

Paano kung ang isang pasyente ay hindi sumunod sa plan sa paggamot?

Ang pasyente na nasa ilalim ng katergorya na community ng isang *order sa hindi boluntaryong paggamot* ay maaarinng pag-utusan, ng isang abisong kasulatan, na dumalo sa pinahihintulutang mental health service para sa pagpapagamot sa isang inihayag na araw at oras. Kung ang pasyente ay hindi sumunod sa order, ang pasyente ay maaaring dalhin sa service at maibalik sa kanyang tahanan matapos na ibigay ang paggamot.

Gaano katagal ipapatupad ang isang order sa hindi boluntaryong pagpapagamot?

Ang isang *order sa hindi boluntaryong pagpapagamot* ay maaaring manatiling ipatupad hangga`t ang hindi boluntaryong paggamot ay kinakailangan. Ang isang pinahihintulutang duktor, ang Direktor ng Mental Health [Director of Mental Health] o ang Lupon sa Pagrepaso sa Kalusugang

Pangkaisipan [Mental Health Review Tribunal] (ang Tribunal) ang maaaring bumawi ng isang *order sa hindi boluntaryong paggamot* anumang oras.

Ang mga regular na pagsusuri ay dapat na isagawa ng psychiatrist ng ayon sa pagkakabalangkas sa plan ng paggamot. Sa karagdagan, ang mga regular na pagsusuri ay isinagawa ng Tribunal (tingnan ang Fact sheet 6 - *Mental Health Review Tribunal*).

Mga kahulugan

Health practitioner – isang duktor, rehistradong nars, social worker, occupational therapist, psychologist, o iba pang itinalagang tao bilang isang health practitioner.

Pinahintulutang mental health practitioner- bihasang mental health practitioner na itinalaga ng isang Direktor ng Mental Health.

Pinahihintulutang duktor – isang duktor na bihasa sa mental health na itinalaga ng isang tagapangasiwa ng pinahihintulutang mental health service.

Pinahihintulutang mental health service – isang pasilidad pangkalusugan na idineklara ng Direktor ng Mental Health upang magbigay ng hindi boluntaryong pag-assess at mga serbisyong paggamot.

Karagdagang Impormasyon

Mental Health Act Liaison Officer
Mental Health Branch
Queensland Health
GPO Box 48
BRISBANE Q 4001

Telepono: 1800 989 451 o 07 3234 0417

Email: mha2000@health.qld.gov.au
Web: www.health.qld.gov.au/mha2000